



ハッスル黄門

Mahalagang Paalala ng Joso Public Health Center
para sa mga Dayuhang Residente

Tuberkulosis o TB: Ang maagang Paglutas at paggamot
Pangangasiwa ng Pamublikong Sistema sa Gastos



1 Panimula

Sa mundo, patuloy ang epidemya ng tuberkulosis sa timog-silangang Asya, Africa, at Brazil. Sa Japan, marami na sa mga dayuhang residente ang nahawaan ng TB, dahil sa stress sa buhay, paninibago sa pamumuhay, trabaho, atbp., ang panlaban ng katawan ay humihina at madali itong nakakapitan ng sakit.



2 Upang maagang matuklasan ang TB

Sa bansang Hapon, ang pagpapatingin ng kalusugan ay ginagawa upang masiguro at maagang matuklasan kung may sakit na TB. Kailangang magpatingin hanggat maaari isang beses sa isang taon sa alinmang nagda-diagnosis ng kalusugan.

(1) Regular na papapatingin ng kalusugan sa lugar ng trabaho

Sa kasalukuyan, iniutos ayon sa batas, sa lugar ng trabaho, ang pagsasailalim ng pagpapatingin ng kalusugan ng mga empleado ay kinakailangan na hindi bababa ng isang beses sa isang taon. Kadalasan ito ay walang bayad.

(2) Ang pageksamin ng kalusugan na isinasagawa ng munisipal.

Ang pageksamin ng kalusugan ay isinasagawa ng inyong munisipal kung saan kayo ay nakatira. Sa mga tao na walang oportunidad na magpasuri-medikal sa trabaho o may sariling trabaho at sa mga taong-bahay ay kinakailangang magpa x-ray ng dibdib sa alinmang nagda-diagnosis ng kalusugan. Makipag ugnayan sa lokal na bayan o syudad ng inyong tirahan, alamin ang araw, oras, lugar at bayad.

(3) Magpa-eksamin ng kalusugan kung nagkaroon ng kontak sa pasyente na may TB


Kinakailangan ang medikal na pagsusuri sa mga taong nagkaroon ng kontak sa pasyente na may TB upang makompirma na kayo ay hindi nahawaan ng sakit. Kayo ay tatawagan ng Joso Health Center upang ipaalam ang petsa at oras ng diagnosis ng inyong kalusugan. Ang medikal na pagsusuri ay libre ayon sa saligang

batas.



3 Para sa inyong patuloy na pagpapagamot na - walang pag-aalala

Kung ang resulta ng inyong chest x-ray at sinasabing kailangan pa ng mas detalyadong pag-eksamin, maaaring may hinala na mayroon kayong TB. Kailangang makapag-eksamin sa medical institution. Kung ang TB ay hinayaang hindi magamot, ang bakterya ay nasa iyong laway, ang ibig sabihin na kung ikaw ay umubo o humatsing magagawa mong hawahan ang mga tao sa paligid mo. At inilalagay mo rin ang sarili mo sa panganib. Ngunit, kung ang TB ay nagamot kaagad o naagapan sa maagang pagkakataon ito ay gagaling.



⊙ **Ang pampublikong sistema sa gastos**

Ang panahon ng paggamot para sa TB ay may kahabaan, kadalasan nagtatagal ng 6-9 na buwan. Kahit na wala pang nakikitang sintomas, kinakailangan pa ring ipagpatuloy ang pag-inom ng gamot, sundin ang payo ng doktor.

Upang masiguro ang iyong patuloy na pagpapagamot na hindi nag-aalala habang nasa Japan, may pampublikong sistema sa gastos ang inaayos upang hindi mag-alala sa pang-pinansiyal na pasanin indibiduwal. Ikaw ay sakop ng sistemang ito maging ano man ang kuwalipikasyon ng iyong paninirahan sa Japan. Para sa impormasyon tungkol sa sistema na ito, kontakin po lamang ang Joso Health Center.

○ **Sa mga papasok sa ospital**

Kung may panganib na makakahawa ka ng TB sa iba, papapasukin ka sa itinalagang medical institution at para gamutin duon. Lahat ng gastusin sa pagpapagamot ng TB ay sakop ng pampublikong sistema sa gastos.

Bilang resulta, wala ka nang dapat bayaran.

Ngunit gayon pa man, depende sa iyong kinita simula nuong mga nakaraang taon, kinakailangan ninyong magbigay pa rin ng 20,000 yen tuwing buwan para sa iyong medikal na bayarin.



○ **Sa mga hindi-mananatili sa ospital**

Kung ang TB ay ganap na maagang natuklasan, puwede ka nang magtrabaho habang iniinom ang iyong medikasyon at bumisita sa medical institution ng maiwasan ang panganib na makahawa ng bakterya ng TB sa iba at maiwasan mapasok sa ospital. Dito, ang bahagi ng gastos ng iyong eksaminasyon at medikasyon ay sakop ng pampublikong sistema sa gastos..



Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa sintomas ng TB, pakiusap bisitahin ang mga sumusunod:

©The Research Institute of Tuberculosis

<http://www.jata.or.jp/index.php>

○Telepono para sa konsultasyon ukol sa tuberkulosis

<http://www.jatahq.org/headquarters/index9e.html>

○Stop TB by dots !

<http://www.jata.or.jp/rit/rj/TB2008/start.html>

